

PUQUE: Developing a glossary of Quezon words used in Sta. Elena, Camarines Norte as an enrichment of the Cam Norteño vocabulary

Michelle M. Bacuño

Camarines Norte State College

F. Pimentel Ave., Daet, Camarines Norte, Philippines

Email: michelle.bacuno001@deped.gov.ph

Abstract: Sta. Elena, Camarines Norte is known as the “Gateway to Bicolandia” because it is the first town reached upon exiting Quezon Province. Although it belongs to the Bicol Region, the residents here have been more exposed to and accustomed to using the Quezon dialect in their daily lives. In this context, the researcher aims to develop a glossary of Quezon words used in Sta. Elena as a means of enriching the Camarines Norteño vocabulary. As part of the province of Camarines Norte, the schools in Sta. Elena fall under the jurisdiction of the Camarines Norte Division. Consequently, many teachers assigned to these schools come from various towns in Camarines Norte. These teachers often experience cultural adjustments, particularly in adapting to the Quezon dialect spoken in the community. The development of a Tagalog-Quezon glossary would be highly beneficial in enhancing their communication within the school community they serve.

PUQUE: pagbuo ng isang glosaryo ng mga salitang Quezon na ginagamit sa Sta. Elena, Camarines Norte bilang pagpapayabong ng bokabularyong Cam Norteño

Abstrak: Ang Sta. Elena, Camarines Norte ay kilala sa tawag na “Gateway to Bicolandia” sapagkat ito ang unang bayan na mararating paglabas ng Quezon Province. Bagama’t nabibilang sa Rehiyong Bicol, ang mga mamamayan dito ay mas nahasa at nasanay sa paggamit ng salitang Quezon sa kanilang pang-aaraw-araw na pamumuhay. Sa ganitong diwa, layunin ng mananaliksik na makabuo ng glosaryo ng mga salitang-Quezon na ginagamit sa Sta. Elena bilang pagpapayabong ng bokabularyong Cam. Norteño. Bilang nabibilang sa bayan ng Camarines Norte, nasasakupan din ang mga paaralan dito ng Dibisyon ng Camarines Norte. Kung kaya marami sa mga guro dito ang nagmula sa iba’t ibang bayan ng Camarines Norte. Ang mga nasabing guro ay kakikitaan ng paninibago sa mga kultura lalo’t higit sa mga salitang Quezon na kanilang dinaratnan sa pamayanan. Lubhang malaki ang maitutulong ng pagbuo ng isang glosaryo ng Tagalog Quezon upang mas higit na maging mabisa ang kanilang pakikipagkomunikasyon sa komunidad ng paaralang kanilang pinagsisilbihan.

Mga Susing Salita: PUQUE, wika, lalawiganin, leksikograpiya, glosaryo

Date Submitted: January 23, 2025

Date Accepted: February 18, 2025

Date Published: March 19, 2025

PANIMULA

Hindi matatawaran ang kahulugan at kabuluhan ng wika sa bawat grupo ng mananalita. Isang mahalagang instrumento ito sa pakikipag-ugnayan ng mga tao saan mang bahagi ng lalawigan/rehiyon o bansa ang pinanggalingan nila. Napagkakasundo nito ang iba’t ibang grupo o nagkakaroon ng pagkakaintindihan ang dalawang magkaibang ispiker/mananalita dahil sa wikang nagbibigkis sa kanilang damdamin at kamalayan.

Ayon kay Webster (1990), ang wika ay kalipunan ng mga salitang ginagamit at naiintindihan ng isang maituturing na komunidad. Samantala, ayon naman kay Alfred North Whitehead, ang wika ay kaisipan ng lipunang lumikha nito, Bawat wika ay naglalaman ng kinaugalian ng lahing lumikha nito. Ito ay salamin ng lahi at kanyang katauhan. Nangangahulugan lamang na ang isang tao na bagong napapabilang pa lamang sa isang komunidad, unang pagtutuunan ang wikang ginagamit dito upang mas higit niyang maunawaan ang kaisipan at kaugalian ng mga taong likas na kabilang sa nasabing komunidad. Ang pag-aaral at pag-unawa sa wika ng pinasok na komunidad ay magsisilbing tulay upang siya ay tanggapin at ituring na kabilang dito. “Words are the most significant tools of cultural symbols. On the whole, the elements of culture are the entirety of socially transmitted and common behavior patterns, prototypes, samples, arts, beliefs, institutions, and all other products of human work and thought” (Mahadi at Jafari 232). Sapagkat ang wika ay isang makapangyarihang behikulo ng pakikipag-ugnayang sosyal at malaki rin ang papel nito sa pagdukal ng karunungan o kamalayan. Isang instrumentong nagbibigay-linaw sa kung ano ang pinagmulan o kasaysayan ng isang indibidwal o pulutong ng tao.

Pahayag ng suliranin

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang glosaryo ng mga salitang Tagalog-Quezon na ginagamit sa Sta. Elena, Camarines Norte bilang pagpapayabong ng bokabularyong Cam. Norteño. Partikular, sinisikap nitong sagutin ang sumusunod na mga tanong:

- 1) Ano ang mga salitang ginagamit sa Sta. Elena na nagmula sa Calauag, Quezon?
- 2) Paano maaaring bigyang-kahulugan at uriin ang mga nakalap na salita batay sa kanilang kahulugan at gamit?
- 3) Paano maisasagawa ang balidasyon ng mga nakalap na salita upang matiyak ang kanilang katumpakan at kabuluhan sa komunidad ng Sta. Elena?

METODOLOHIYA

Disenyo ng pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibo-kwantitatibong pamamaraan at isang palaarawang o deskriptibong disenyo. Layunin nitong makalikom at mailarawan ang mga salitang Tagalog-Quezon na ginagamit sa Sta. Elena, Camarines Norte, pati na rin ang kanilang kahulugan at gamit sa pang-araw-araw na komunikasyon. Sa pamamagitan ng deskriptibong disenyo, sinikap ng mananaliksik na mailarawan ang kasalukuyang kalagayan ng paggamit ng wikang Tagalog-Quezon sa Sta. Elena, gayundin ang epekto nito sa mga guro at mamamayan ng bayan.

Lokal ng pag-aaral at mga kalahok

Isinagawa ang pananaliksik sa bayan ng Sta. Elena, Camarines Norte, partikular sa siyam na barangay na dating nasa ilalim ng hurisdiksyon ng Calauag, Quezon ngunit inilipat sa Sta. Elena sa pamamagitan ng desisyon ng Korte Suprema. Ang mga barangay na ito ay ang Guitol, Patag Ilaya, Patag Ibaba, Tabugon, Kagtalaba, Maulawin, Don Tomas, Kabuluan, at Plaridel. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 30 guro na nagtuturo sa mga paaralan sa nabanggit na barangay at 27 mamamayan na ipinanganak at lumaki sa lugar. Ang mga guro ay pinili gamit ang purposive sampling upang matiyak na sila ay hindi taal na taga-Sta. Elena, habang ang mga mamamayan ay pinili gamit ang snowball sampling, kung saan ang isang kalahok ay nagrekomenda ng susunod hanggang sa makumpleto ang itinakdang bilang ng kalahok.

Paraan ng pangangalap ng datos

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pakikipanayam sa paraang pakikipagkuwentuhan, kung saan ang mga matatandang mamamayan ng siyam na barangay ay kinapanayam upang makakalap ng mga salitang Tagalog-Quezon na kanilang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Ang mga nakalap na salita ay isinailalim sa pagsusuri at binigyan ng kahulugan sa wikang Filipino. Upang higit na mapagtibay ang pag-aaral, isinagawa rin ang balidasyon ng mga nakalap na salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng talatanungan sa tatlong guro sa asignaturang Filipino, tatlong kapitan ng barangay, at limang mamamayan na nagmula sa siyam na barangay. Pinayagan din ang mga kalahok na magbigay ng puna at suhestiyon upang higit pang mapabuti ang binuong glosaryo.

Istadistikal na pamamaraan

Upang masuri ang pananaw ng mga guro sa paggamit ng wikang Tagalog-Quezon sa pagtuturo at pakikisalamuha sa komunidad, ginamit sa pananaliksik ang 4-point Likert Scale ni Rensis Likert sa inisyal na sarbey. Ang mga kalahok ay binigyan ng talatanungan na may mga pahayag na kailangang sagutin batay sa kanilang antas ng pagsang-ayon. Bukod dito, isinagawa rin ang balidasyon ng glosaryo, kung saan ang mga kalahok ay binigyan ng isang araw upang suriin ang mga nakalap na salita at sagutan ang talatanungan hinggil sa kanilang katumpakan at pagiging kapaki-pakinabang. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga puna at suhestiyon ng mga nagbalideyt upang higit pang mapabuti ang glosaryo, na dumaaan sa paulit-ulit na pagsusuri bago ito itinuring na pinal.

RESULTA AT TALAKAYAN

Naging batayan ng mananaliksik ang mga paglalarawan at pagbibigay kahulugan nila Hartman (2001) at Jackson ukol sa leksikograpiya. Ayon kay Hartman (2001), ang leksikograpiya ang

leksikograpiya ay tumutukoy sa propesyunal na gawain at akademikong larangan na nakatuon sa mga diksyunaryo at iba pang katulad na sanggunian. Hinati niya ang leksikograpiya sa dalawang dibisyon: lexicographic practice na nangangahulugang pagbuo ng diksyunaryo na iniuugnay sa industriya ng paglilimbag ng aklat at sa utos ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. lexicographic theory na pananaliksik uko, lo sa mga teorya sa pagbuo ng diksyunaryo na iniuugnay sa akademikong pananaliksik sa mga larangang gaya ng lingwistika.

Ayon naman kay Corelli (2006) ang leksikograpiya ay isang mahalagang sangay ng linggwistika na sumasaklaw sa teorya at praktika ng pagbubuo ng mga diksyunaryo. Ang mga naturang konsepto ay malaki ang naitulong sa mananaliksik sa kaniyang pagbuo ng glosaryo.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga nakalap na datos at kinalabasan ng pag-aaral, napatunayan ng mananaliksik na ang wika at kultura ay magkaugnay at hindi madaling makalimutan ng mamamayan sa isang komunidad. Mahalaga ang pagkakaroon ng isang glosaryo bilang tulay sa pagkakaunawaan ng mga taong may magkaibang pinagmulan, lalo na sa mga lugar kung saan may malinaw na pagkakaiba sa wikang ginagamit. Napatunayan din na ang mga salitang panlalawigan ay maaaring tumbasan ng wikang Filipino upang higit itong maunawaan ng ibang tao na hindi pamilyar sa nasabing wika.

Gaya ng ibang pananaliksik, may mga limitasyon ang pag-aaral na ito na maaaring mapunan ng mga susunod na mananaliksik. Dahil dito, inirerekomenda ng mananaliksik ang mas malawakang pangangalap ng mga salitang Tagalog-Quezon na ginagamit sa Sta. Elena upang higit pang mapayaman ang nabuong glosaryo. Bukod dito, dapat ding dagdagan ang paggamit ng mga pangungusap upang mas maging malinaw ang kahulugan ng bawat salita. Mainam din ang paggamit ng ilustrasyon o larawan upang mapadali ang pag-unawa ng mga mambabasa sa mga terminong nakapaloob sa glosaryo. Sa huli, inirerekomenda rin na ipamahagi ang sipi ng glosaryo sa mga guro na nagmula sa labas ng Sta. Elena, lalo na sa mga nagtuturo ng MTB-MLE, upang magamit nila ito bilang gabay sa pakikipagtalastasan at sa kanilang pagtuturo.

MGA SANGGUNIAN

Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas. (1986). The Commission.

Ang Kapangyarihan ng Wika, ang Wika Ng Kapangyarihan. Philippine Literature. (2012, November 8). <https://www.philippineliterature.com/ang-kapangyarihan-ng-wika-ang-wika-ng-kapangyarihan/>

Batas ng Wikang Filipino. Share and Discover Knowledge on SlideShare. (n.d.). <https://www.slideshare.net/allanortiz/batas-ng-wikang-filipino>

Dansec, Rey. "9 Naagaw na Barangay. <https://www.iLoveCalauag.com/9-naagaw-na-barangay>

Bernales, Rolando A. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Mutya Publishing House, Malabon City.

Espejo, Rommel V, 2017. Pagbubuo ng Panimulang Glosaryo ng mga Salitang Pantabangan. Kawing 1.2, 47-72. <https://psllf.files.wordpress.com/2018/07/r-v-espejo-kawing-1-2.pdf>

Gerson, Steven. 2006. *Technical Writing: Proseso at Produkto*. Pearson.

Kautusang Tagapagpaganap Blg.. 134 (Disyembre 30, 1937), PROCLAIMING THE NATIONAL LANGUAGE OF THE PHILIPPINES BASED ON THE "TAGALOG" LANGUAGE (sa wikang Ingles)

PUQUE: pagbuo ng isang glosaryo ng mga salitang Quezon na ginagamit sa Sta. Elena, Camarines Norte bilang pagpapayabong ng bokabularyong Cam Norteño

Palle, Maria Edelyn M.. (2021). Salitang Lucbanin: Basehan Sa Pagbuo Ng Glosaryo. EPRA International Journal of Research & Development (IJRD), 378–386. <https://doi.org/10.36713/epra7750>

"Province of Camarines Norte Vs. Province of Quezon, Re: Urgent Petition to Cite Governor Eduardo T. Rodriguez of Quezon Province, and Mayor Julio U. Lim of Calauag Quezon, in contempt of court". G.R. No. 80796. Supreme Court of the Philippines. October 11, 2001. Archived from the original on October 12, 2016. Retrieved November 26, 2013.

San Juan, David Michael M, 2012. Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan, Ebook Edition.

<https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/04/mat-research-glosaryo-ng-mga-termino-sa-panitikan.pdf>

https://en.wikipedia.org/wiki/Santa_Elena,_Camarines_Norte

<https://web.archive.org/web/20161012061830/http://sc.judiciary.gov.ph/jurisprudence/2001/oct2001/80796.htm>

https://en.wikipedia.org/wiki/Calauag#Lost_barangays_to_Bicol

<https://en.wikipedia.org/wiki/Calauag>

<https://www.officialgazette.gov.ph/1936/11/13/commonwealth-act-no-184/>